'O Bilāl, magsagawa ka ng iqāmah ng ṣalāh; magbigay-kapahingahan ka sa amin sa pamamagitan nito.'"}

Ayon kay Sālim bin Abī Al-Ja`d na nagsabi: {May nagsabing isang lalaki: "O kung sana ako ay nagdasal saka napahinga ako." Kaya para bang sila ay pumintas niyon sa kanya, kaya naman nagsabi siya: "Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: 'O Bilāl, magsagawa ka ng iqāmah ng ṣalāh; magbigay-kapahingahan ka sa amin sa pamamagitan nito.'"}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Abū Dāwud]

May nagsabing isang lalaking kabilang sa mga Kasamahan: "O kung sana ako ay nagdasal saka napahinga ako." Kaya para bang ang mga nasa paligid niya ay pumintas niyon sa kanya, kaya naman nagsabi siya: "Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: O Bilāl, manawagan ka ng adhān ng ṣalāh at magsagawa ka ng iqāmah nito upang mapahinga kami sa pamamagitan nito." Iyon ay dahil sa dulot nito na pakikipagniig kay Allāh (napakataas Siya) at kapahingahan para sa kaluluwa at puso.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65095